

# Mga Pagsakop at Mga Benepisyo



Kung kayo ay  
**masaktan sa trabaho,**  
kami ay  
**narito upang tumulong.**

Kung kayo ay  
**masaktan sa trabaho,**  
kami ay  
**narito upang tumulong.**

**wcb.mb.ca**

Ang lathalang ito ay ibinibigay para sa pangkalahatang impormasyon lamang.  
*Ang Workers Compensation Act ng Manitoba at Mga Regulasyon, at ang mga patakaran ng WCB ay ang huling may kapangyarihan para sa pangangasiwa ng pagsakop at paghahabol.*

# Mga Pagsakop at Mga Benepisyo

Walang sinuman ang inaasahang masaknan sa trabaho, ngunit ang lahat ng madalas na mga pinsala sa pinagtatrabahuhan ay nangyayari. Sa kabutihang palad, ang pagsakop ng WCB ay nariyan para sa iyo. Kung masaknan ka sa trabaho, alamin na mayroon kang insurance na kailangan mo.

Binabayaran ng iyong employer ang buong premium para sa kabayaran sa mga manggagawa para matiyak na masaknan ka kapag napinsala ka sa trabaho. Dapat ka rin bayaran nang isang buong araw ng iyong employer para sa araw na nasaknan ka sa trabaho, hindi lang hanggang sa oras nang ikaw ay nasaknan.

Binabayaran ng pagsakop ng WCB ang isang bahagi ng iyong sahod at binabayaran ang iyong mga gastos sa pangangalaga ng kalusugan kung nasaknan ka sa trabaho.



# Ano ang Sinasakop ng WCB?

Nasa ibaba ang mga halimbawa ng ilan sa mga benepisyo na mayroon para sa mga napinsalang manggagawa. Para sa partikular na impormasyon sa kung ikaw ay masasakop para sa alinman sa mga sumusunod, makipag-usap sa iyong kontak na tao sa WCB.

- pagkawala ng sahod
- medikal na paggamot at mga gastos sa gamot
- paggamot sa ngipin
- mga paggamot na chiropractic (sa gulugod) o physiotherapy
- mga bokasyonal na serbisyo ng rehabilitasyon
- mga kabayaranang lump sum para sa mga permanenteng pinsala
- mga pensiyon
- mga benepisyo ukol sa pagkamatay



# Mga Nawalang Sahod

- Magsisimula ang WCB sa pagbabayad ng iyong mga nawalang sahod sa susunod na araw ng pagtatrabaho pagkatapos mong masaknan.
- Matatanggap mo ang 90% ng iyong neto sa pagkawala ng kapasidad na kumita. Sa ilang mga kaso ang iyong mga benepisyo sa pagkawala ng sahod ay maaaring kalkulahan sa 100% ng iyong neto sa pagkawala ng kapasidad na kumita o 100% neto ng itinatag na pinakamababang taunang antas ng mga kita ng WCB. Para sa higit pang impormasyon sumangguni sa fact sheet ng Gabay sa mga Benepisyo na makukuha sa [wcb.mb.ca](http://wcb.mb.ca).
- Kinakalkula namin ang 90% o 100% ng neto (o halaga na maiuuwi) sa pamamagitan ng pagkuha sa iyong mga kita at pagbawas sa mga maaaring ibawas, tulad ng buwis sa kita, CPP at EI. Ang mga pagbawas ng buwis sa kita ay batay sa estado sa kasal at bilang ng mga umaasa. Maaari ring maapektuhan ang iyong mga benepisyo ng iba pang mga salik tulad ng overtime, mga bonus, paminsan-minsan o regular na mga pagtatanggal sa trabaho, at kita mula sa iba pang pagmumulan, kabilang ang pagtatrabaho sa sarili.
- Ang mga benepisyo sa WCB ay hindi babawasan ng buwis; kaya, ibabawas din namin ang halaga na katumbas ng mga benepisyo sa buwis na maaari mong matanggap.
- Sa huli, kung mayroon kang iba pang mga insurance plan na magbabayad sa iyo habang wala ka sa trabaho, anumang halaga na matatanggap mo na mahigit sa 100% ng iyong neto ng pagkawala ng kapasidad **na kumita ay ibabawas** mula sa iyong matatanggap mula sa WCB. Responsibilidad mo na ipaalam sa iyong kontak na tao sa WCB ang ganoong karagdagang sakop.

# Iba Pang mga Gastos

Kapag nasaktan ka sa trabaho, maaaring kailanganin mong pumunta sa ospital o mangailangan ng mga iniresetang gamot.

Kung ang mga gastos na ito ay direktang nauugnay sa iyong pinsala sa pinagtatrabahuhan, maaaring bayaran ang mga ito ng WCB. Tanungin sa iyong kontak na tao sa WCB para matiyak kung sasakupin ng WCB ang mga gastos.

## **Kasama sa mga sakop na gastos sa pangangalaga ng kalusugan ang:**

- mga gastos sa ospital
- gamot (kasama ang mga reseta)
- paggamot sa ngipin
- artipisyal na mga paa at kamay, mga brace, mga saklay, mga tungkod, mga hearing aid at iba pang mga pantulong
- orthotics (pansuporta) o kasuotan sa paa
- mga halaga sa pamalit o sa pagkumpuni ng mga prostetiko, salamin sa mata o mga pustiso kung saan nagkapinsala
- halaga sa pagpalit sa nasirang damit sa isang pinsala sa pinagtatrabahuhan
- mga allowance para sa transportasyon at pamumuhay kung kailangan mong magbiyahe para sa paggamot



# Mga Kabayaran para sa Permanenteng Pinsala

Maaari kang bayaran ng isang lump sum, bilang karagdagan sa mga kabayaran sa nawalang sahod, kung mayroon kang isang permanenteng pinsala dahil sa isang pinsala sa pinagtatrabahuhan.

Ang kabayaran ay batay sa anumang pagkawala ng paggana na sanhi ng iyong pinsala.





# Iba Pang mga Serbisyo na Makukuha sa WCB

## Mga Serbisyo ng Pagbalik sa Trabaho

Makikipagtulungan sa iyo ang WCB para matiyak na makukuha mo ang suportang kailangan mo sa pagbalik sa trabaho. Ang pagbalik sa trabaho ay isang planadong proseso na kasama ka at ang iyong tagabigay ng pangangalaga sa kalusugan, kasama ang iyong employer, at sa ilang mga sitwasyon, ang inyong kinatawan ng unyon. Ang iyong pinagtatrabahuan ay maaaring mayroon nang programa sa pagbalik sa trabaho.

## Mga Bokasyonal na Serbisyo ng Rehabilitasyon

Kung hindi ka na makakapagtrabaho sa employer kung saan ka nasaktan dahil sa mga epekto ng pinsalang iyon, maaari kang maging karapat-dapat para sa mga bokasyonal na serbisyo ng rehabilitasyon sa pamamagitan ng WCB.

Ang bokasyonal na rehabilitasyon ay tumutulong sa iyo na makabalik ka sa trabaho at iginagalang ang iyong mga kakayahan sa trabaho. Maaring kasama dito ang pagtulong sa iyo na makahanap ng alternatibong trabaho sa pamamagitan ng iba't-ibang mga serbisyo mula sa hanay ng pagtatrabaho muli hanggang sa pagsasanay muli.

## Mga Obligasyon sa Pagtatrabaho Muli

Epektibo sa Enero 1, 2007, hinihiling ng batas sa mga employer na may 25 o mahigit pang full time o regular na part time na mga manggagawa na kunin muli sa trabaho ang mga napinsalang manggagawa na nagtrabaho sa kanila nang hindi bababa sa tuloy-tuloy na 12 buwan bago mapinsala. Para sa higit pang impormasyon sa mga obligasyon ng pagtatrabaho muli, pumunta sa **wcb.mb.ca** o tumawag sa **204-954-4321** o nang walang bayad sa **1-855-954-4321** para sa isang kopya ng pamplet ng *Mga Obligasyon sa Pagtatrabaho Muli*.



## **Opisina sa Patas na Mga Kasanayan**

Ang Opisina sa Patas na Mga Kasanayan ay isang nagsasariling opisina na nagtatrabaho para matiyak ang patas na mga kasanayan sa WCB. Kumikilos ang opisina bilang isang ombudsman para sa mga napinsalang manggagawa, mga umaasa sa kanila, at mga employer para malutas ang mga isyu na maaaring mayroon sila sa WCB, habang tinutulungan din ang WCB na mapahusay ang kalidad ng serbisyo nito. Maaari silang maabot sa **204-954-4467** o nang walang bayad sa **1-855-954-4321**.

## **Mga Kopya ng Paghahabol**

Makakahiling ka ng isang kopya ng iyong file sa paghahabol pagkatapos magawa ng WCB ang inisyal na desisyon nitong tanggapin o tanggihan ang paghahabol. Tanungin ang iyong kontak na tao sa WCB o tumawag sa aming Departamento para sa Access sa File sa 204-954-4453. Ang mga employer at mga abogado ay maaari rin humiling ng mga kopya ng file. Ang unang beses na mga kopya ng file ay walang bayad.

## **Mga Apela**

Kung gusto mong umapela sa (mga) desisyon na ginawa ng WCB sa iyong paghahabol, pag-usapan muna ninyo ang desisyon kasama ang iyong kontak na tao sa WCB. Mayroong pormal at dalawang hakbang na proseso sa pag-apela na magagamit mo kung hindi ka pa rin sumasang-ayon sa desisyon.

Ang unang hakbang sa pag-apela ay ang Opisina sa Pagsusuri. Kapag nagpadala ka ng isang form ng *Paghiling ng Pagsusuri* (na makukuha sa [wcb.mb.ca](http://wcb.mb.ca)) isang Opisyal sa Pagsusuri ang itatalaga para isaalang-alang ang iyong apela.

Kung hindi ka pa rin nasisiyahan sa desisyon, maaari kang umapela sa Komisyon ng Apela ng WCB, na siyang huling antas ng apela. Maaari kang umapela sa sulat o nang personal sa isang lupon ng tatlong komisyonado na kumakatawan sa mga manggagawa, mga employer at interes ng publiko. Maihaharap mo ang apela o, kung nais mo, ng iyong kinatawan.

Kung kailangan mo ng tulong sa paggawa ng apela sa Opisina ng Repaso, makokontak mo ang Opisina ng Tagapayo ng Manggagawa. Ang Opisina ng Tagapayo ng Manggagawa ay maaari rin magbigay ng payo at/o ng isang malayang opinyon tungkol sa mga isyu o desisyon ng WCB.

### **Opisina ng Tagapayo ng Manggagawa**

406-401 York Avenue

Winnipeg, Manitoba R3C 0P8

Telepono 204-945-5787

Fax 204-948-2020



# Panlahatang impormasyon tungkol sa WCB

- Babayaran ng iyong employer ang lahat ng benepisyo sa insurance ng WCB – ang mga ito ay hindi ibinabawas mula sa bayad sa iyo at hindi muling ibinabalik sa pamamagitan ng mga nakokolektang pera mula sa pagbabayad ng buwis.
- Ang WCB ay pinamamahalaan ng Lupon ng mga Direktor na binubuo ng isang walang kinikilingan na Tagapangulo ng Lupon, tatlong kinatawan ng mga manggagawa, tatlong kinatawan ng mga employer at tatlong kinatawan ng pampublikong interes.
- Ang WCB ay nakatuon sa pagbibigay ng serbisyong mabilis, madali, may malasakit, tama at malinaw.
- Mayroon kang karapatang gumawa ng paghahabol(claim) sa WCB kung masaktan ka sa trabaho. Labag sa batas na hilingin ng employer na huwag kang magsampa ng paghahabol.



Isang mapagkakatiwalaang katambal, tinitiyak ang kasalukuyan at bumubuo ng isang mas ligtas na kinabukasan.

**Kung kayo ay  
masaktan sa trabaho,  
kami ay  
narito upang tumulong.**

## **Paano Kami Maaabot**

Workers Compensation Board of Manitoba  
333 Broadway, Winnipeg, MB R3C 4W3

Mag-email sa amin sa  
**wcb@wcb.mb.ca**

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa  
**www.wcb.mb.ca**

o tumawag sa amin sa  
**204-954-4321**

o nang walang bayad sa  
**1-855-954-4321**

## **Isumbong ang pandaraya at hindi pagsunod**

Tumawag sa 204-888-8081 o walang bayad  
sa 1-844-888-8081

Mag-email sa **Compliance@wcb.mb.ca**

Ang LIGTAS (SAFE) na Trabaho ay  
responsibilidad ng lahat.

Ang pag-iwas sa mga pinsala ay mabuti  
para sa mga employer at mga manggagawa.

Para malaman pa, pumunta sa:

**safemanitoba.com**

o tumawag sa 204-957-SAFE (7233) sa Winnipeg  
o 1-855-957-SAFE (7233) sa labas ng Winnipeg

